JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 2 - Modyul 6:
## Paggalang sa Ideya



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________



# Alamin

Mapayapang araw, kaibigan!

May mga pagkakataon na kinakailangan natin ng ideya o suhestyon n gating kaibigan. Kung ito ay nangyayari, tinatanggap mo ba ang lahat ng mga ito? Ano-ano ang iyong ginagawa sa mga ideya o sushestyon ng kaibigan mo?

Ang bawat tao ay may ideya o suhestiyon ukol sa anumang paksang pinag-uusapan. Subalit, ang mga ito ay maaaring makatulong at tugma sa paksang pinag-uusap o di naman kaya ay taliwas sa iyong nais. Dapat bang tanggapin ang lahat ng mga ideya na mula sa iyong kaibigan kahit ito ay taliwas na sa iyong ideya? Sa iyong palagay, paano mo maipapakita ang iyong paggalang sa lahat ng ideya o suhestyon ng iyong kaibigan?

Sa modyul na ito, iyong pag-aaralan ang tungkol sa mga paraan ng pagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kaibigan at ang kahalagahan nito.

Ang mga inihandang gawain sa modyul na ito ay naglalayon na patnubayan kayong makamit ang mga sumusunod na layunin:

**Most Essential Learning Competency (MELC):**

Nakapagpakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kapwa

**EsP6P-IId-i-3l**

1. Natutukoy ang mga paraan na nagpapkita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kaklase sa pangkat;

| **Modyul 6** | **PAGGALANG SA IDEYA** |
|---|---|



# Balikan

Sa gawain ito, ating balikan ang iyong natutunan ukol sa pagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon sa bahay.

**Panuto:** Pag-aralan ang bawat larawan sa kahon. Tukuyin ang ipinahihiwatig nito at kumpletuhin ang pangungusap. Pagkatapos kumpletuhin ang pangungusap, iguhit ang masayang mukha (☺) sa loob ng kahon

kung ito ay nagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kapwa sa barangay, at ang malungkot na mukha (☹) kung hindi. Sagutin ito sa papel.

1. *Larawan ng babaeng nakikinig sa nanay nagbabahagi ng ideya.* → Si Rica ay ________________.

2. *Larawan ng dalawang babae nag-uusap habang may nagsasalita.* → Sina Lyka at Nena ay ________.

3. *Larawan ng nag-aaway ang magkakapatid habang nagsasalita ang kuya.* → Ang magkakapatid ay ___________.

4. *Larawan ng babae na naghihintay na matapos ang lalaki na magsalita.* → Hinihintay ni Jade na ___________.

5. *Larawan ng tatay na nakikinig sa taong nagsasalita.* → Si Tatay Fern ay _______________.



# Tuklasin

Sa bahaging ito, ating tuklasin ang iba't ibang paraan na nagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kaklase kaakibat ang kahalagahan nito.

**Gawain: Halina't Bumasa!**

**Panuto:** Basahin at intindihin ang tula. Punan ng karapatang sagot ang mga tanong kasunod nito. Sagutin ito sa inyong papel.

**Ideya Mo, Igagalang ko!**

Kaibigan, huwag mahiya!
na ipahayag nang malaya,
ang iyong mga ideya.
Sa gayun, ang lahat ay mapasaya.

Pangako…
habang ikaw ay nagsasalita,
ako ay makikinig.
Pag-uusap sa aking katabi
ay aking ititigil.

Kaibigan, pangako…
ako'y hindi tatawa
sa iyong mga ideya,
Kahit ito man ay taliwas
sa ating pinag-uusapan.

Kaibigan, patawad…
kung minsan, dapat mong iulit
ang iyong ibinahaging ideya
nang ako'y malinawagan.

Ngunit, pangako…
Ang bawat ideya mo
ay hindi ibabalewa o maglalaho.
Dapatwa't ito ay aking
papahalagahan at igagalang.



# Suriin

Sa bahaging ito, ating alamin ang mga tamang paraan sa pagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kaklase at ang kahalagahan nito.

**Tandaan**

**Mga Paraan na Nagpapakita ng Paggalang sa Ideya o Suhestiyon ng Kaklase**

- Nakikinig ng maayos habang nagbabahagi ng ideya o suhestiyon ang kaklase.
- Hindi nakikipag-usap sa katabi o kahit sinumang kasama habang nagsasalita ang kaklase.
- Kung hindi nakuha ang ideya o suhestyon ng kaklase, ipapaulit ito.
- Huwag pagtawanan ang ideya o suhestyon na ibinigay ng kaklase sa pangkat kahit taliwas ito sa paksang pinag-uusapan.
- Huwag balewalain ang mga ibinigay na ideya o suhestiyon ng kaklase.

**Kahalagahan ng Pagpapakita ng Paggalang sa Ideya o Suhestiyon ng Kaklase**

Bawat tao ay may kanya-kanyang ideya o suhestiyon na nais maibahagi sa paksang pinag-uusapan. Subalit ang ilan ay nahihiyang ipahayag at ibahagi ang sariling ideya sapagkat sila ay umiiwas na pagtawanan ng kaklase o hindi namn kaya ay kawalan ng kumpyansa sa sarili. Ngunit maaari itong maiwasan kung iyong ipinapakita na iginagalang mo ang bawat ideya o suhestyon na kanilang ibinabahagi, ikaw ay nakakatulong upang ang hiya at kawalan ng kumpyansa sa sarili ay mawala. Kung kaya't ating palatandaan ang paggalang sa ideya o suhestiyon ay sadyang mahalaga at dapat gawin.



# Pagyamanin

Sukatin ang lalim ng iyong kaalam ukol sa paggalang ng ideya ng kaklase.

## Pagtatasa 1

**Panuto:** Basahin nang mabuti ang mga pahayag. Lagyan ng tsek (/) kung ito ay nagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kaklase at ekis (x) kung hindi.

_____ 1. Pinagtawanan nina Kz at Ej ang maling pahayag ni Ruben.

______ 2. Nakikinig nang maayos si Crissy sa kaklase.


______ 3. Ipinaulit ni Precy sa kanyang kaklase ang ibinahaging ideya dahil hindi niya itong naintindihan.

______ 4. Nakikipag-usap si Ada kay Echo habang nagbabahagi si Tj sa kanyang ideya.

______ 5. Pinag-uusapan n glider ang lahat ng ideya na ibinahagi ng kanyang kagrupo.

## Pagtatasa 2

**Panuto:** Tukuyin ang inilalahad ng mga pahayag sa ibaba ng crossword puzzle. Kumpletuhin ang puzzle.



**Pababa:**
1. Ito ang gagawin mo habang may nagbabahagi ng ideya o suhestyon sa iyong kaklase.
2. Ang dapat mong iwasan kung nagkamali sa pagbabahagi ng ideya ang iyong kaklase.
3. Ito ang hindi mo dapat gawin sa mga ideya na ibinigay ng iyong mga kaklase.

**Pahalang:**
1. Ito ang kadalasang kulang sa iyong mga kaklase kung kaya't hindi naibabahagi ang kanilang ideya.
2. Ang dapat mong gawin sa mga ideya o suhestiyon ng iyong mga kaklase.



# Isaisip

Sa bahaging ito, ikaw ay sasagot ng mga katanungan na layong matukoy ang lawak ng iyong natutunan sa paksang pinag-aralan.

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong.

1. Ano - ano ang mga paraan na nagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kaklase?

2. Bakit hindi dapat natin pagtawanan ang kamalian ng ating mga kaklase sa pagbabahag ng ideya o suhestiyon?

3. Ano ang kailangan mong gawin upang magkaroon ng kumpyansa sa pagbabahagi ng ideya o suhstiyon ang iyong mga kaklase?

4. Bakit mahalagang igalang natin ang bawat ideya o suhestiyon na ibinibigay ng ating mga kaklase?

5. Paano mo sasabihin sa iyong kaklase na may galang kung hindi mo naintidihan ang kanyang ibinahagi na ideya o suhestiyon?



# Isagawa

**Panuto:** Iguhit ang iyong paraan na nagpapakita na ikaw ay gumagalang sa ideya o suhestiyon ng iyong kaklase. Sa baba ng guhit, sumulat ng isang talata tungkol dito at ang kahalagahan nito.

**Rubrics sa Pagmamarka ng Pagguhit at Pagsulat ng Talata**

| **Mga Batayan** | **Antas ng Pagmamarka** | | |
|---|---|---|---|
| | **5** | **3** | **2** |
| 1. Nilalaman | Naipahayag sa talata ang konesyon ng larawan sa paraan na nagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestyon ng kaklase at kahalagahan nito. | Hindi masyadong naipahayag ang konesyon ng larawan sa paraan na nagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestyon ng kaklase at kahalagahan nito. | Malayo sa paksa ang naisulat na talata. |
| 2. Organisasyon | Mahusay ang pagkakasulat ng talata. Nagkakasunod-sunod ang mga ideya. May panimula, katawan at konklusyon. | Maayos ang pagkakasulat may panimula at konklusyon. | Hindi maayos ang pagkakasulat ng talata. Walang panimula, katawan at konklusyon. |
| 3.Pagkamalikhain | Gumamit ng sariling ideya at imahinasyon sa pagguhit. | Gumamit ng ilang ideya mula sa aklat o website sa pagguhit. | Hindi gumamit ng sariling ideya at imahinasyon sa pagguhit. |



# Tayahin

**Panuto:** Pag-aralan ang bawat tanong o pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Bakit mahalaga na ginagalang natin ang ideya o suhestiyon ng ating kaklase?

   A. Upang sila ay mapahiya.
   B. Sapagkat nasisiyahan kang magkaroon ng away.
   C. Para maiwasan ang panunukso sa kaklase.
   D. Dahil napipilitan ka lang.

2. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kaklase?

   A. Nakikipag-usap si Rica kay Ben habang nagbabahagi ang kaklase.
   B. Nakikinig ng mabuti si Ada habang nagbabahagi ang kaklase.
   C. Tumatawa sina Ella at Bel habang nagsasalita si Tinie.
   D. Kumakanta si Kai habang kinukuwento ni Noy ang kanyang karanasan.

3. Ano ang iyong gagawin kung hindi mo narinig ng maayos ang ideya o suhestiyon na ibinagi ng iyong kaklase?

   A. tatawa
   B. magagalit
   C. susungitan
   D. ipapaulit

4. Paano mo maipapakita na ginagalang mo ang ideya ng iyong kaklase?

   A. Nakikinig ng maayos habang nagbabahagi ng ideya o suhestiyon ang kaklase.
   B. Nakikipag-usap sa katabi habang nagsasalita ang kaklase.
   C. Binabalewala ang ibinahagi na ideya o suhestiyon ng kaklase.
   D. Hindi patatapusin sa pagsasalita ang kaklase.

5. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang HINDI nagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kaklase?

   A. Hindi nakikipag-usap sa kaklase habang nagsasalita ang kaklase.
   B. Pinagtatawan ang maling ideya o suhestiyon ng kaklase.
   C. Nakikinig ng maayos sa kaklase.
   D. Inuullit ang ideya o suhestiyon ng kaklase upang maintindihan ng lahat.



# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

1.) Si Rica aynakikinig sa nanay habang nagsasalita. ☺
2.) Sina Lyka at Nena ay nakikipag-usap habang may nagsasalita. ☹
3.) Ang magkakapatid ay nag-aaway habang kuya ay nagsasalita. ☹
4.) Hinihintay ni Jade matapos magsalita si Andrew. ☺
5.) Si Tatay Fren ay maayos na nakikinig sa nagbabahagi ng ideya sa pamilya. ☺

**Pagyamanin (Pagtatasa 1)**

1. x
2. /
3. /
4. x
5. /

**Pagyamanin (Pagtatasa 2)**

| **Pababa:** | **Pahalang:** |
|---|---|
| 1. Makinig | 1. Tiwala |
| 2. Tumawa | 2. Igalang |
| 3. Balewalain | |

**Tayahin**

1.) C
2.) B
3.) D
4.) A
5.) B

## *Sanggunian*


- Kagawaran ng Edukasyon, *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*, Batayang Aklat, 40-45
- Patnubay ng Guro, 2017, 13-14
- Kagamitan ng Mag-aaral, 2017, 54-59

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Angeline L. Ramos,
Teacher 1, Panigayan Elementary School
Isabela Island District II, Isabela City Schools Division

**Editor:** Ajid J. Milgaril, School Head

**Tagasuri:** Naser P. Elang, Ed. D. (PSDS, Island District II)

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:** Julie Vi O. Mancenido, Teacher I

**Tagapamahala:** Julieto H. Fernandez, OIC- SDS
Maria Laarni T. Villanueva, OIC- ASDS
Eduardo G. Gulang, SGOD Chief
Henry R. Tura, CID Chief
Elsa A. Usman, EPS, LR Supervisor
Violeta M. Sta. Elena, EPS, ADM Module Coordinator

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.